# PROYEKTONG 5M-PAP-(5 MINUTONG PAGBASA AT PAG-UNAWA)





**SYNTECHE M. MIRON**
Guro I, Filipino

**NORMITA F. DELOS SANTOS**
Ulong Guro II, Filipino

**JOCELYN V. ALMENANZA**
Dalubguro I, Filipino

Biñan Secondary School of Applied Academics

## ABSTRAK

Ang pangunahing layunin ng pagbabasa ay pag-unawa ayon sa (*National Institute of Child Health at Human Development* [NIH], 2013). Gayunpaman, ang mga epektibong interbensyon na kinabibilangan ng direktang pagtuturo ng mga tiyak na estratehiya sa pagbasa na naaangkop at mahusay para sa kanilang indibidwal na pagbabasa. Ang sitwasyong ito ay maaaring makatulong sa pagtugon sa mga suliranin sa pagbasa ng mga mag-aaral (Botsas, 2017). Ang mga pagsusuri sa pagbasa ay kadalasang ipinapatupad upang matukoy ang kakayahan sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang ideya ng Proyektong 5M-PAP-(5 minutong Pagbasa at Pag-unawa) ay isang interbasyon na nakatulong upang mapataas ang antas ng pagbasa, bilis ng pagbasa at antas ng bokabularyo o talasalitaang nagagamit ng mga pag-aaral sa Filipino. Ito ay nakatuon sa pagpapaunlad at pagpapahusay sa kasalukuyang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa baitang pito.

Makikita sa naging resulta ng proyektong 5M PAP-( 5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa) na tumaas ang antas ng pag-unawa, bilis ng pagbasa at tatas sa bokabularyo ng mga mag-aaral na gumamit ng kagamitan sa pagbasa na naglalaman ng tatlong kasanayan sa pagbasa. Lubhang nakatulong ang interbasyon na ito upang makamit ang inaasahang bunga ng pag-aaral na ito. Ito rin ay nakatulong sa pagpapaunlad at pagpapahusay sa kasalukuyang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral mula sa baitang pito.

***Mga Susing Salita****: Antas, Bilis ng Pagbasa, Pag-unawa Bokabularyo, Interbensiyon, Pagkabigo, Tektong may Talatanungan, Pauna at Panapos na Pagbasa*

**INTRODUKSIYON**

Ang pagbabasa ay isa sa pinakamahalagang kasanayang magpapaunlad ng mga mag-aaral sa kanilang buong buhay, at ang pag-unawa sa pagbasa ay ang pundasyon ng pagbabasa ayon kina (Lan, Lo, & Hsu, 2014). Sa kasamaang palad, isang nakababahalang bilang ng mga mag-aaral ang hindi nakababasa o nakakaunawa sa mga antas ng kasanayan sa pagbasa.

Ang *National Reading Panel* (2017) ay nagrekomenda ng epektibong pagtuturo sa palabigkasan, *phonemic* na kamalayan, pagbuo ng katatasan, bokabularyo, at pag-unawa sa teksto para sa mga mag-aaral na nahihirapang bumasa. Inirerekomenda ang tahasang pagtuturo para sa pagpapabuti pagkilala ng salita, mga kasanayan sa pagbabaybay, at ang mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral (Cheung & Slavin, 2013). Bagama't iba-iba ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at kakayahan sa pag-iisip, mahalagang tukuyin at *i-target* ng mga tagapagturo ang kanilang pagbabasa gamit ang iba't ibang interbansyon upang matugunan ang kahinaan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ayon sa paliwanag ni Pardo (2004) na ang proseso ng pag-unawa ay nagsisimula bago tayo magsimulang magbasa at magpapatuloy kahit matapos ang 'pagbasa'. Gumagamit ang mahuhusay na mambabasa ng mga diskarte bago ang pagbabasa tulad ng pag-preview sa teksto at gumagamit ng mga istratehiya pagkatapos ng pagbasa tulad ng pagbubuod bilang karagdagan sa maraming mga kaparaanan na ginagamit nila upang magkaroon ng kahulugan sa panahon ng 'pagbabasa' mismo. Sa pamamagitan ng paghahati ng pagtuturo sa paunang pagbasa o pre-reading, sa panahon ng pagbabasa at panapos na pagbasa o post-reading, ang mga guro ay maaaring magdisenyo ng mga aktibidad para sa bawat yugto na magpapahusay sa pag-unawa ng mag-aaral at magbibigay din ng mga pagkakataon para sa mga guro na magpakita ng mga estratehiya na magagamit ng mga mambabasa sa bawat yugto.

Kung walang sapat na pag-unawa sa pagbabasa, maaaring mahirapan ang mag-aaral sa maraming paksa. Ang pag-unawa sa pagbasa ay isang mahalagang kasanayang kailangan para sa lahat ng larangan ng paaralan (Baier, 2005). Ang pagbuo ng Phil-IRI ay isa sa mga inisyatiba na inilagay bilang suporta sa Bawat Bata ay Nakababasa o *Every Child A Reader Program* (ECARP). Bago makapagdisenyo at makapagbigay ng angkop na interbasyon ang mga guro sa pagtuturo sa pagbabasa para sa kanilang mga mag-aaral, dapat alamin muna ang lebel ng kanilang kasalukuyang antas at kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang *Phil-IRI* ay isa sa mga kasangkapan na magagamit ng mga guro upang matukoy ang mga kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

**PAMAMARAAN NG PAGSASALIKSIK**

Ang ideya ng Proyektong 5M-PAP-(5 minutong Pagbasa at Pag-unawa) ay isang interbasyon na makatutulong upang mapataas ang antas ng pagbasa, bilis ng pagbasa at antas ng bokabularyo o talasalitaang nagagamit ng mga pag-aaral sa Filipino.

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mula sa Baitang 7 ng Biñan Secondary School of Applied Academics na nasa antas pagkabigo sa isinagawang PHIL IRI. Kabilang din ang tatlong guro sa Filipino na nagpabasa sa mga mag-aaral.

| Kalahok | Bilang |
|---|---|
| Guro | 3 |
| Mag- aaral | 22 |
| Kabuuan | 55 |

Ang talahanayan ay nagpapakita ng bilang ng mga mag-aaral na nasa pagkabgo batay sa nakuhang resulta mula sa

isinagawang *group screening test o GST.* Mayroong 22 mag-aaral na mula sabaitang pito ang naging respondante ng pananaliksik na ito n amula sa paara;ang Biñan Secondary School of Applied Academics.

Upang makuha at mataya ang antas ng pag-unawa sa binasa, bilis ng antas ng pagbasa at antas ng bokabularya o talasalitaang nagagamit sa Proyektong 5M-PAP (5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa) ay gumamit ng monitoring tool ang gurong mananaliksik. Ginamit ito upang mamonitor ang mga mag-aaral na nagsagawa ng interbasyon sa pagbasa. Gumamit din ang mananaliksik ng form o template na ginamit sa pagtatala ng iskor na nakuha ng mga mag-aaral na may kinalaman sa tekstong binasa para sa antas ng pag-unawa, sunod ay ang antas ng bilis ng mga mag-aaral at ang antas ng talasalitaan o bukabularyo na ginamit ng mag-aaral sa sariling pangungusap. Nataya ang pagbabagong naganap sa antas ng pagkaunawa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng Panapos na Pagbasa sa Phil IRI.

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng Quantitative. Nilalayon nitong alamin sa pamamagitan ng tiyak na datos ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Sa partikular, siniyasat nito ang antas ng mga mag-aaral sa tatlong antas ng mga tanong sa, Antas ng pag-unawa sa binasa, Antas ng bilis ng pagbasa at, Antas ng bokabularyo o talasalitaang nagagamit. Gumamit din ng mga talahanayan upang ipakita ang *mean* iskor na nakuha ng mga mag-aaral upang masukat ang antas ng pag-unawa, bilis ng pagbasa at antas ng bokabularyo sa binasa gamit ang tekstong may limang talatanungan, bokabularyo at bilang ng salita sa bawat teksto. Gumamit din ang mananaliksik ng Paired T-Test upang makita ang pagkakaiba ng resulta ng pauna at panapos na pagtataya sa pagbasa.

**RESULTA NG PANANALIKSIK**

Ang resulta ng pananaliksik na isinagawa ng mga gurong mananaliksik ay tumugon at nagbigay-linaw sa sumusunod na katanungan.

1. Ano ang kalagayang antas ng pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral bago ang interbasyon?

**Talahanayan 1. Antas ng Pag-unawa ng mga Mag-aaral sa Paunang Pagtataya (GST)**

| Mag-aaral | Paunang Pagbasa | | |
|---|---|---|---|
| | ISKOR | Antas ng Pag-unawa % | Interpretasyon |
| A | 7 | 35 | Pagkabigo |
| B | 6 | 30 | Pagkabigo |
| C | 8 | 40 | Pagkabigo |
| D | 6 | 30 | Pagkabigo |
| E | 7 | 35 | Pagkabigo |
| F | 8 | 40 | Pagkabigo |
| G | 10 | 50 | Pagkabigo |
| F | 8 | 40 | Pagkabigo |
| I | 5 | 25 | Pagkabigo |
| J | 6 | 30 | Pagkabigo |
| K | 9 | 45 | Pagkabigo |
| L | 11 | 55 | Pagkabigo |
| M | 7 | 35 | Pagkabigo |
| N | 7 | 35 | Pagkabigo |
| O | 10 | 50 | Pagkabigo |
| P | 8 | 40 | Pagkabigo |
| Q | 10 | 50 | Pagkabigo |
| R | 9 | 45 | Pagkabigo |
| S | 7 | 35 | Pagkabigo |
| T | 11 | 55 | Pagkabigo |
| U | 7 | 35 | Pagkabigo |
| V | 5 | 25 | Pagkabigo |
| **MEAN** | | **39.09** | **PAGKABIGO** |

**Legend:**

| PAG-UNAWA (%) | INTERPRETASYON |
|---|---|
| 80-100% | MALAYA |
| 59-79% | PAMPAGKATUTO |
| 58% pababa | PAGKABIGO |

Makikita sa Talahanayan 1 ang resulta at marka ng mga mag-aaral na nakakuha ng mababa sa 14 na iskor bilang pamantayan sa pagbasa at pag-unawa gamit ang Group Screening Test o GST sa pagsasagawa ng PHIL IRI para sa paunang pagbasa. Matutukoy sa nakuhang datos na ang mga mag-aaral na ito ay nasa antas ng pagkabigo. Base sa datos na nakalap ang mga mag-aaral ay nakahu ng mas mababa sa 14. Nakita sa *percentage* ng iskor ang antas ng pag-unawa na may *mean* iskor na 39.09 ang ang interpretasyon at pagkabigo.

2. Ano ang kalagayang antas ng mga mag-aaral sa mga tuntuning antas ng bilis at antas ng bokabularyo sa pagbasa bago ang interbasyo?

**Talahanayan 2. Bilis ng Pagbasa ng mga mag-aaral**

| Bilis ng Pagbasa sa Paunang Pagtataya sa Malakas na Pagbasa | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral | A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M | N | O | P | Q | R | S | T | U | V |
| Minuto | 3.55 | 3.44 | 3.59 | 3.58 | 3.41 | 3.15 | 3.27 | 3.28 | 3.46 | 3.48 | 3.56 | 3.57 | 4.23 | 4.33 | 3.33 | 3.47 | 4.58 | 4.56 | 4.31 | 4.22 | 4.23 | 4.01 |

Sa Talahanayan 2 makikita sa datos ang bilang ng minuto sa pagbasa sa paunang pagtataya sa malakas na pagbasa.

**Talahanayan 3. Antas ng bokabularyo ng Mag-aaral Bago Gamitin ang Tekstong Pang-iterbasyon**

| Mag-aaral | KABUUANG ISKOR (40) | MEAN ISKOR |
|---|---|---|
| A | 12 | 1.50 |
| B | 12 | 1.50 |
| C | 15 | 1.88 |
| D | 11 | 1.38 |
| E | 17 | 2.13 |
| F | 20 | 2.50 |
| G | 12 | 1.50 |
| F | 13 | 1.63 |
| I | 19 | 2.38 |
| J | 14 | 1.75 |
| K | 16 | 2.00 |
| L | 16 | 2.00 |
| M | 14 | 1.75 |
| N | 15 | 1.88 |
| O | 14 | 1.75 |
| P | 17 | 2.13 |
| Q | 19 | 2.38 |
| R | 15 | 1.88 |
| S | 15 | 1.88 |
| T | 17 | 2.13 |
| U | 17 | 2.13 |
| V | 14 | 1.75 |

Sa Talahanayan 3, makikita sa nakuhang datos ng antas ng bokabularyo sa pamamagitan ng pagpapakahulugan mapapansin na ang nakuha ng mga mag-aaral sa bawat tekstong ginamit sa pagbasa na may kabuuang bilang na 40 ay mababa. Makikita dito na may kahinaan pa sa kasanayan sa pagbibigay kahulugan ang mga mag-aaral batay sa kalagayang antas ng bokabularyo.

3. Ano ang naging antas ng pagbasa at pag-unawa matapos isagawa ang interbasyong 5M PAP (5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa) sa mga tuntunin ng:

   3.1 Antas ng pag-unawa sa binasa
   3.2 Antas ng bilis ng pagbasa at
   3.3 Antas ng bokabularyo

**Talahanayan 4. Antas ng Pag-unawa ng mga mag-aaral sa Panapos na Pagbasa**

| Mag-aaral | Panapos na Pagbasa | | |
|---|---|---|---|
| | ISKOR | Antas ng Pag-unawa % | Interpretasyon |
| A | 15 | 75 | Pampagkatuto |
| B | 16 | 80 | Pampagkatuto |
| C | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| D | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| E | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| F | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| G | 15 | 75 | Pampagkatuto |
| F | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| I | 16 | 80 | Pampagkatuto |
| J | 17 | 85 | Pampagkatuto |
| K | 15 | 75 | Pampagkatuto |
| L | 15 | 75 | Pampagkatuto |
| M | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| N | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| O | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| P | 13 | 65 | Pampagkatuto |
| Q | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| R | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| S | 13 | 65 | Pampagkatuto |
| T | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| U | 14 | 70 | Pampagkatuto |
| V | 15 | 75 | Pampagkatuto |
| MEAN | | 72.27 | PAMPAGKATUTO |

**Legend:**

| PAG-UNAWA (%) | INTERPRETASYON |
|---|---|
| 80-100% | MALAYA |
| 59-79% | PAMPAGKATUTO |
| 58% pababa | PAGKABIGO |

Sa talahanayan 4 makikita ang resulta ng panapos na pagbasa. Base sa datos, makikita ang pagtaas ng mean iskor na 72.27 sa antas ng pag-unawa na may interpretasyon na pampagkatuto.

**Talahanayan 5. Antas ng Bilis ng Pagbasa Matapos Gamitin ang Interbasyon sa Pagbasa**

| Bilis ng Pagbasa sa Panapos na Pagtataya sa Malakas na Pagbasa | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral | A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M | N | O | P | Q | R | S | T | U | V |
| Minuto | 2.19 | 2.29 | 2.49 | 2.28 | 2.33 | 2.49 | 2.34 | 2.46 | 2.54 | 2.51 | 2.42 | 2.23 | 2.28 | 2.48 | 2.51 | 3.39 | 3.46 | 3.47 | 3.47 | 3.42 | 3.22 | 3.1 |

Sa Talahanan 5 makikita ang bilang ng minuto ng bilis ng pagbasa matapos agamitin ang Interbasyon sa Pagbasa. Mahihinuha na nabawasan ng minuto ang kalagayang antas ng bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 6. Antas ng bokabularyo ng Mag-aaral Matapos Gamitin ang Tekstong Pang-iterbasyon**

| Mag-aaral | KABUUANG ISKOR (40) | MEAN ISKOR |
|---|---|---|
| A | 31 | 3.88 |
| B | 32 | 4 |
| C | 32 | 4 |
| D | 31 | 3.88 |
| E | 29 | 3.63 |
| F | 32 | 4 |
| G | 33 | 4.13 |
| F | 31 | 3.88 |
| I | 30 | 3.75 |
| J | 31 | 3.88 |
| K | 28 | 3.5 |
| L | 31 | 3.88 |
| M | 33 | 4.13 |
| N | 30 | 3.75 |
| O | 32 | 4 |
| P | 30 | 3.75 |
| Q | 30 | 3.75 |
| R | 27 | 3.38 |
| S | 31 | 3.88 |
| T | 28 | 3.5 |
| U | 27 | 3.38 |
| V | 28 | 3.5 |

Makikita sa talahanayan 6 ang resulta ng kalagayang antas ng bokabularyo sa panapos na pagtataya sa pagbasa gamit ang tekstong pag-interbasyon. Mahihinuha na mataas ang nakuhang mean iskor ng bawat mag-aaral.

4. May makabuluhan pagkakaiba bang naganap sa antas ng pagbasa at pag-unawa matapos isagawa ang proyektong 5M PAP (5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa) sa mga tuntunin ng:

   4.1 Antas ng pag-unawa sa binasa
   4.2 Antas ng bilis ng pagbasa at
   4.3 Antas ng bokabularyo

**Address**: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.**: (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address**: deped.binancity@deped.gov.ph
**Website**: depedbinan.com

**Talahanayan 7. Makabuluhang Pagkakaiba ng Kalagayang Antas ng Pag-unawa sa Pauna at Panapos na Pagtataya sa Pagbasa**

| PAG-UNAWA | N | X | df | T value | P value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PAUNANG PAGTATAYA | 22 | 39.09 | 21 | 13.6570 | 0.0009 | *EXTREMELY SIGNIFICANT* o LUBHANG MAKABULUHAN |
| PANAPOS NA PAGTATAYA | 22 | 72.27 | | | | |

Makikita sa Talahanayan 7 ang makabuluhang pagkakaiba ng paunang pagtataya sa kalagayang antas sa bilis ng pagbasa na may mean iskor na 3.7550 at sa panapos na pagtataya sakalagayang antas ng bilis ng pagbasa ay may mean iskor na 2.7041. Ang Degree of Freedom (df) ng resulta ay 21 na may T value na 12.7690 at P value na 0.082. Mahihinuha sa datos na nakuha may malaking kaibahan sa kalagayan ng atas ng bilis sa pagbasa sa pauna at panapos na pagtataya sa pagbasa.

**Talahanayan 8. Makabuluhang Pagkakaiba ng Kalagayang Antas ng Bilis ng Pagbasa sa Pauna at Panapos na Pagtataya sa Pagbasa**

| BILIS NG PAGBASA | N | X | df | T value | P value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PAUNANG PAGTATAYA SA KALAGAYANG ANTAS NG BILIS NG PAGBASA | 22 | 3.7550 | 21 | 12.7690 | 0.082 | *EXTREMELY SIGNIFICANT* o LUBHANG MAKABULUHAN |
| PANAPOS NA PAGTATAYA SA KALAGAYANG ANTAS NG BILIS NG PAGBASA | 22 | 2.7041 | | | | |

Makikita sa Talahanayan 8 ang makabuluhang pagkakaiba ng pauna pagtatay sa kalagayang antas sa bilis ng pagbasa na may mean iskor na 3.7550 at sa panapos na pagtataya sakalagayang antas ng bilis ng pagbasa ay may mean iskor na 2.7041. Ang Degree of Freedom (df) ng resulta ay 21 na may T value na 12.7690 at P value na 0.082. Mahihinuha sa datos na nakuha may malaking kaibahan sa kalagayan ng atas ng bilis sa pagbasa sa pauna at panapos na pagtataya sa pagbasa.

**Talahanayan 9. Makabuluhang Pagkakaiba ng Kalagayang Antas ng Bokabularyo ng Pagbasa sa Pauna at Panapos na Pagtataya sa Pagbasa**

| ANTAS NG BOKABULARYO | N | X | df | T value | P value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PAUNANG PAGTATAYA SA KALAGAYANG ANTAS NG BOKABULARYO SA PAGBASA | 22 | 15.18 | 21 | 20.2319 | 0.0001 | *EXTREMELY SIGNIFICANT* o LUBHANG MAKABULUHAN |
| PANAPOS NA PAGTATAYA SA KALAGAYANG ANTAS NG BOKABULARYO SA PAGBASA | 22 | 30.32 | | | | |

Sa talahanayan 9 naman mahihinuha ang nakakuha ng mas mataas na mean iskor ang mga mag-aaral sa panapos na pagtataya sa kalagayang antas ng bokabularyo sa pagbasa na 30.32 samantalang sa paunang pagtataya sa kalagayang antas ng bokabularyo sa pagbasa ay may mean iskor na 15.18. Masasabi na lubhang makabuluhan ang pagkakaiba ng kalagayang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagtataya sa pagbasa.

## PAGTATALAKAY NG RESULTA AT REPLEKSYON

Ang interbasyong 5M PAP- 5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa ay tumugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral ng ika-7 Baitang sa Biñan Secondary School of Applied Academics. Mahihinuha na ang interbasyong ito ay mabisang naisagawa ng mga gurong mananaliksik upang mapataas ang antas ng pag-unawa, bilis ng pagbasa at antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Nagkaroon ng positibong resulta ang proyektong ito gamit ang tekstong may paghahawan ng balakid o talasalitaan, para sa pagsukat ng antas ng bokabularyo, talatanungan upang masukat ang antas ng pag-unawa at bilang ng salita sa teksto upang masukat ang bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Ayon sa datos na nakalap para sa paunang pagtataya sa pagbasa at pag-unawa, nakakuha ng mababang mean iskor na 39.09. Ang mga mag-aaral na ito ay nakakuha ng > 14 na iskor sa ginanap na PHIL IRI 2022 base sa resulta ng GST. Ang mag-aaral na ito ay nabibilang sa antas ng pagkabigo kaya naman sila ang napili upang mabigyan ng kaakibat na interbasyon sa pagbasa. Sila ay sumailalim sa proyektong 5 M PAP- 5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa. Binubuo ng 22 na mag-aaral ang mga ito na mula sa ika-7 Baitang ng Biñan Secondary School of Applied Academics.

Base naman sa tuntunin ng kalagayan ng antas ng bilis at antas ng bokabularyo sa paunang pagtataya ay mahihinuha na mababa ang nakuhang mean iskor ng mga mag-aaral sa parehong tuntunin. Mayroon lamang na mean iskor na 3.7550 sa antas ng bilis ng pagbasa (malakas) na nangunguhulugan na mabagal at papantig pantig ang pagbasa ng mga mag-aaral.

Makikita sa resulta ng datos na may malaking pagbabago sa kalagayan ng mga tuntunin ng antas ng pag-una, antas ng bilis sa pagbasa at antas bokabularyo ng mga mag-aaral na sumailalim sa interbasyong 5 M PAP- 5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa. Makikita ito sa resulta ng mga talahanayang 4,5 at 6. Sa antas ng pag-unawa nakakuha ng 72.27 na mean iskor, sa antas ng bilis naman ay may mean iskor na 2.7041 na may indikasyon na bahagyang bumilis ang pagbasa ng mga mag-aaral at sa antas ng bokabularyo ay may mean iskor na 30.32 na mas mataas kumpara sa paunang pagtataya sa pagbasa sa tutuning antas ng bilis sa pagbasa.

Mahihinuha na may makabuluhang pagkakaiba sa nakuhang mean iskor ng mga mag-aaral sa paunang pagtataya sa pagbasa at pag-unawa na hindi pa ginagamitan ng tekstong pang-interbasyon sa pagbasa kaysa sa panapos na pagtataya sa pagbasa at pag-unawa na ginamitan na ng tekstong pang-interbasyon sa pagbsa. Base sa tuntunin na antas ng pag-unawa sa paunang pagtataya, nakakuha lang ng mean iskor na 39.09 samantalang sa panapos na pagtataya sa pagbasa naman ay may mean iskor na 72.27 na kakikitaan ng indikasyon ng pagtaas ng mean iskor. Sa tuntuning antas ng bilas ng pagbasa naman, ang nakuhang mean iskor sa paunang pagtataya ay 3.7550, sa panapos na pagtataya naman ay may mean iskor na 2.7041. Samantalang sa tuntuning antas ng bokabularyo ang nakuhang mean iskor sa paunang pagtataya ay 15.18 at 30.32 nman para sa panapos na pagtataya sa pagbasa.

Para sa mga gurong mananaliksik, ang pagkakaroon ng positibong epekto ng resulta nito sa mga mag-aaral ay isang dahilan upang higit nilang pag-ibayuhin ang kanilang pagsisipag, pagsisikap, pagtitiyaga at kagustuhang maging instrumento sa pagpapalawak at pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mas marami pang mga mag-aaral.

Nagbigay daan ang pananaliksikna ito upang makatulong sa mga mag-aaral na hirap sa pagbasa. Nakatutuwang makita na naging positibo ang resulta ng paggamit ng interbasyong 5M PAP- 5 Minutong Pagbasa at Pag-unawa. Hindi lamang nasukat ang kakayahan ng mga mag-aaral kundi maging ang motibasyon nila sa kanilang pag-aaral. Nagkaroon sila ng tiwala at bilib sa sarili dahil nakababasa na sila. Nakatulong din ito sa iba pang asignatura hindi lamang sa pagbasa kundi maging sa literasiya.

Sa kapwa ko gurong mananaliksik na naging katuwang sa pagpapabasa at nagpakita ng pagmamahal at dedikasyon sa pagpapabasa sa mga mag-aaral na hirap sa pagbasa. Mga kaguro na matiyagang itinuro ang wastong pagbasa ng bawat salita sa mga mag-aaral. Lubhang tumatak tayo sa isip at puso ng ating mga mag-aaral at kanilang magulang. Magpatuloy lamang tayo sa ating ginagampanang tungkulin na makatulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng ating mga mag-aaral. Maging ispirasyon nawa tayo ng iba pang guro na nais din maglingkod hindilamang sa bayan kundi mas higit sa ating mag-aaral na hubugin ang kanilang natatanging kakayahan at gamitin ito sa wastong kaparaanan.

Nawa'y marami pa tayong matulungang mga mag-aaral at makapagbigay sa kanila ng motibasyon sa pagbabasa at pag-aaral. Dahil sa Magandang resulta ng proyektong 5M PAP- 5 Minutong Pagbasa at pag-unawa ay mas pagsusumikapan pang makabuo muli ng isa pang pananaliksik na makakatulong sa pagpapaunlad ng talino at kakayahan ng ating mag-aaral sa Biñan Secondary School of Applied Academics.

**PAGKILALA**

Ang mga mananaliksik ay lubos nagpapasalamat sa lahat ng mga taong nagbigay ng tulong at suporta upang maisakatuparanang pananaliksik na ito. Nais din namin magpasalamat at bigyan ng pagkilala ang mga sumusunod; CID Chief, Ma'am Mary Ann L. Tatlongmaria; at sa mga nangungunang tagapamahala ng City Schools Division of Bińan City, sa pamumuno ng ating butihing Schools Division Superintendent, Ma'am Manuela S.

Tolentino, CESO V; OIC Assistant Schools Division Superintendent, Ma'am Edenia O. Libranda; at sa ating SGOD Chief, Sir Bayani V. Enriquez.

Nagpapasalamat din ang mga mananaliksik sa aming mahusay at masipag na Punong Guro, Dr. Leslie V. Denosta ng Biñan Secondary School of Applied Academics sa kanyang pagsuporta at paggabay.

Kay Gng.Luzviminda A. Parilla, Master Teacher I- Filipino ng Biñan Integrated National High School, gayon din kay G. Patrick James Pelicano, Master Teacher I English at Gng. Estela S.Pelino, Head Teacher II English sa pagiging eksperto sa larangang na ito at paglalaan ng panahon sa balidasyon ng aming kagamitan sa pananaliksik. Sa aming EPS ng Filipino, Dr. Raquel L. Azur, kay G. Edward P. Manuel, Senior Education Program Specialist of Planning and Research Action at sa aming masigasig na PSDS ng District 7 Dr. Nerra A. Visperas, at Bb. Diane M. Furio, Research Coordinator ng BSSAA maraming salamat sa patuloy na pagbibigay motibasyon, panghihikayat at paggabay sa amin na maisagawa ang pananaliksik.

Lubos ding nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa ating Punong Maykapal sa lakas at talino na ipinagkaloob Niya sa aming mananaliksi upang maisagawa at matapos ang aming tungkulin na makapagbigay interbasyon sa mga mag-aaral na lubhang nangangailangan ng gabay sa pampagkatuto lalong lalo na sa pagbasa.

**SANGGUNIAN:**

Baeir, R. (2005). *Reading comprehension and reading strategies.* Nakuha mula sa https://core.ac.uk/download/pdf/5066651.pdf

Hougen, M. (2016). *Phonological awareness: An essential component of reading instruction.* Retrieved February 6, 2019, mula sa National Research Council. (2001). *Eager to learn: Educating our preschoolers.* Washington, DC: National Academy Press at National Reading Panel. (2000). *Report of the National Reading Panel: Teaching children to read.* Washington, DC: U.S. Department of Health and Human Services.

Pardo, J. (2004). *Reading comprehension: Its nature and development.* Nakuha mula sa https://www.researchgate.net/profile/John_Kirby5/publication/242598620_Reading_Comprehension_Its_Nature_and_Development/links/0deec53503b12cf16d000000.pdf

Van den Broek, P. at Espin, C. (2012). *Connecting cognitive theory and assessment: Measuring individual differences in reading comprehension.* Nakuha mula sa https://www.researchgate.net/profile/Paul_Van_Den_Broek/publication/285908866_Connecting_cognitive_theory_and_assessment_Measuring_individual_differences_in_reading_comprehension/links/57f37f1d08ae886b897c7eb1/Connecting-cognitive-theory-and-assessment-Measuring-individual-differences-in-reading-comprehension.pdf

Woolley, G. (2011). *Reading comprehension.* Mula sa https:// link. springer. com/chapter/10.1007/978-94-007-1174-7_2

Yovanoff, P., Duesbery, L., Alonzo, J., & Tindal, G. (2005). Grade-level invariance of a theoretical causal structure predicting reading comprehension with vocabulary and oral reading fluency. *Educational Measurement: Issues and Practice, 24*(3), 4-12. Mula sa https:// www. texasgateway. org/ sites/ default/files/resources/documents/1Brief_PhonologicalAwareness.pdf

**Address**: P. Burgos St., Brgy. Sto. Domingo, Biñan City, Laguna
**Contact Nos.**: (049) 547-0105 / (+63) 939-510-8779
**Email Address**: deped.binancity@deped.gov.ph
**Website**: depedbinan.com
Certificate No. PHP QMS 22 93 0085